# Suporta ng Guro Bilang Tagapamagitan sa Ugnayan ng Estratehiya sa Pagkatuto ng Wika at Komunikatibong Kasanayan ng mga Mag-Aaral sa Senior High School

**RHONA ANN D. BAMA, MAEd**
Holy Cross of Davao College, Davao City, Davao del Sur, Philippines
rhonaann.bama@hcdc.edu.ph

**ESTRELLA B. SALAZAR, EdD**
Holy Cross of Davao College, Davao City, Davao del Sur, Philippines

*Abstract* — Ang mababang komunikatibong kasanayan ay isang pandaigdigang suliranin sa edukasyon. Sinuri ng pag-aaral na ito ang papel ng suporta ng guro bilang tagapamagitan sa ugnayan ng estratehiya sa pagkatuto ng wika at komunikatibong kasanayan. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng prediktibong disenyo, stratified random sampling talatanungan, at inilapat ang mga predictive na pamamaraan ng pananaliksik. Natuklasan mula sa 309 na mga mag-aaral na ang suporta ng guro ay bahagyang namamagitan sa ugnayan ng estratehiya sa pagkatuto ng wika at komunikatibong kasanayan, bagama't mas malaki ang direktang epekto (86.2%) kumpara sa di-tuwirang epekto (13.8%). Ang resultang ito ay tumutugon sa bahagyang suporta sa Teoryang Sosyokultural ni Vygotsky. Maaaring tuklasin ng mga susunod na pag-aaral ang iba pang baryabol na tagapamagitan at gumamit ng kwalitatibong pananaliksik. Inirerekomenda sa mga guro ng wika na tuwirang magturo ng mga estratehiya sa pagkatuto ng wika bilang pangunahing interbensyon upang mapaunlad ang komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral.

***Keywords: Suporta ng guro, tagapamagitan sa ugnayan, estratehiya sa pagkatuto ng wika, komunikatibong kasanayan, mag-aaral sa senior high school***

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

# I. INTRODUCTION

Ang mababang komunikatibong kasanayan ay nananatiling isang malawakang suliraning pang-edukasyon sa iba't ibang bansa sa buong mundo (Fernández-Sogorb et al., 2023). Sa kabila ng iba't ibang reporma sa kurikulum, limitado ang bokabularyo, mahina ang gramatika, at kulang ang kumpiyansa sa paggamit ng wika sa maraming konteksto (Choeda et al., 2020; Li & Kim, 2020). Ang mga kahinaang ito ay humahadlang sa malinaw at epektibong pakikipag-ugnayan sa kapaligirang pang-akademiko at panlipunan (Yunus et al., 2024). Kaugnay nito, ang paggamit ng angkop na estratehiya sa pagkatuto ng wika ay inaasahang makatutulong upang malampasan ang mga hamong ito, ngunit nananatiling hindi gaanong nauunawaan kung paano ito epektibong naipapatupad kasabay ng iba pang salik sa silid-aralan.

Sa Bhutan, naiulat ang mababang antas ng kasanayang ito, samantalang sa China, nakakuha ng mababang mean score na 2.853 ang mga di-Ingles na mag-aaral (Choeda et al., 2020; Li & Kim, 2020). Sa Germany, patuloy ang hamon sa kabila ng mga interbensyon (Platash, 2022). Sa Pilipinas, nananatili ang problema sa kabila ng K to 12 curriculum, partikular sa kakulangan sa gramatika at bokabularyo (Domingo, 2020; Puente, 2022). Sa Lungsod ng Davao, partikular na mahina ang mga nasa sekondarya sa gramatika, pagsusulat, at estratehikong kompetensi (Pregoner, 2025).

Bagama't inilarawan ng mga naunang pag-aaral ang laganap na suliranin sa mababang komunikatibong kasanayan, nanatiling nakatuon ang karamihan sa paglalarawan ng mga sintomas (Pregoner, 2024; Andres-Kimkinam, 2025). Hindi sapat na nasuri ng mga pag-aaral na ito ang mga posibleng mekanismo o interbensyon. Nananatiling puwang ang sistematikong pagsusuri kung may tagapamagitan ang anumang salik gaya ng suporta ng guro sa ugnayan ng mga estratehiya sa pagkatuto at komunikatibong kasanayan. Walang umiiral na modelong mekanistiko na nagpapakita kung paano nagtutulungan ang mga baryabol na ito.

Ang patuloy na mababang komunikatibong kasanayan ay nagdudulot ng malaking epekto sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral, sa kanilang kakayahang makipagkumpetensya sa pandaigdigang pamilihan ng trabaho, at sa pangkalahatang kalidad ng edukasyon (Andres-Kimkinam, 2025; Platash, 2022). Kung hindi matutugunan ang suliraning ito, patuloy na magiging hadlang ang wika sa pagkatuto sa halip na maging tulay nito. Dahil dito, kinakailangan ang agarang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

pananaliksik upang matukoy ang mga mekanismong maaaring magpaunlad ng komunikatibong kasanayan. Nilalayon ng pag-aaral na ito na siyasatin ang papel ng suporta ng guro sa ugnayan ng estratehiya sa pagkatuto ng wika at komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral sa sekondarya sa Lungsod ng Davao.

**Literature Review**

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Teoryang Sosyokultural ni Lev Vygotsky (1978). Ayon kay Vygotsky, ang pagkatuto ay isang prosesong panlipunan na nagaganap sa pamamagitan ng medyasyon na kung saan ang mas mataas na paggana ng isip ay nalilinang sa interaksyon ng indibidwal sa kaniyang kapaligirang panlipunan at sa paggamit ng mga kasangkapang semiotiko (tulad ng wika, simbolo, at estratehiya). Binibigyang-diin din ng teorya na ang bawat kakayahan ay unang lumilitaw sa antas panlipunan (*interpsychological*) bago maging pansarili (*intrapsychological*). Ang tulong mula sa isang *More Knowledgeable Other (MKO)* o mas nakakaalam na tao ay mahalaga upang ang isang mag-aaral ay makatawid mula sa kaniyang *actual developmental level* (kakayahan nang mag-isa) patungo sa kaniyang *potential developmental level* (kakayahan sa tulong ng iba) sa pamamagitan ng *Zone of Proximal Development (ZPD)*.

Sa pag-aaral na ito, ang estratehiya sa pagkatuto ng wika (Oxford, 1990) bilang prediktibong baryabol ay nagsisilbing input o kasangkapang semiotiko; ang suporta ng guro (Kalkan & Cemaloğlu, 2023) bilang tagapamagitang baryabol ay kumakatawan sa proseso ng medyasyon kung saan ang guro ay nagsisilbing *More Knowledgeable Other (MKO)*; at ang komunikatibong kasanayan (Nešić & Hamidović, 2022) bilang *criterion* na baryabol ay nauugnay sa output o inaasahang bunga ng pagkatuto.

Ayon kay Oxford (1990), ang mga estratehiya sa pagkatuto ng wika ay nahahati sa anim na kategorya: estratehiya sa memorya, kognitibo, kompensasyon, metakognitibo, apektibo, at panlipunan. Kinukumpirma ng mga pag-aaral nina Hardiyanto et al. (2024) at Soliman (2024) ang mataas na antas ng paggamit ng estratehiya sa wika ng mga mag-aaral sa Pilipinas dahil sa konteksto nito bilang pangalawang wika. Ayon kina Boyles at Espinosa (2026) at Jaiyari (2025), ang aktibong paggamit ng mga estratehiyang panlipunan at kognitibo ay may positibong ugnayan sa pagkatuto at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Ang suporta ng guro ay sumasaklaw sa apat na dimensyon: suportang emosyonal, instrumental, akademikong panggabay, at personal na paggalang at ugnayan (Kalkan & Cemaloğlu, 2023). Ayon sa mga pag-aaral nina Melaku et al. (2025) at Liquit at Suan (2025), ang epekto ng suporta ng guro sa akademikong performans ay kadalasang hindi direkta (*indirect*) kundi sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kagalingan at katatagan ng mag-aaral. Ang suportang emosyonal, instrumental, at akademiko mula sa guro ay lumilikha ng positibong kapaligiran sa pag-aaral na nagpapataas ng motibasyon at kumpiyansa ng mag-aaral.

Ang komunikatibong kasanayan ay binubuo ng limang dimensyon: kakayahang lingguwistiko, sosyolingguwistiko, diskorsal, punksyonal, at estratehiko (Nešić & Hamidović, 2022). Ayon kina Bekmurodova at Samadova (2025), ang kakayahang sosyolingguwistiko ay ang kakayahang umayon sa mga pamantayang panlipunan at ugnayang interpersonal, habang binibigyang-diin nina Nabi et al. (2024) at Yang (2025) na mahalaga ito sa pag-iwas sa hindi pagkakaunawaan sa interkultural na komunikasyon.

Ipinakita ng mga naunang pag-aaral na ang estratehiya sa pagkatuto ng wika ay may makabuluhang ugnayan sa komunikatibong kasanayan (Marenco Dominguez et al., 2024; Jihad & Dollah, 2025; Sinaga et al., 2025). Gayundin, ang suporta ng guro ay natagpuang may positibong ugnayan sa komunikatibong kasanayan (Zhou & Li, 2025; Huang et al., 2020; Maulana & Kaniadewi, 2025). Iminumungkahi ng mga pag-aaral nina Yang, Cui, at Yao (2024) at Wei at Wang (2026) na ang suporta ng guro ay maaaring magsilbing tagapamagitan sa pagitan ng mga estratehiya sa pagkatuto at mga kasanayang pangkomunikasyon.

## II. METHODOLOGY

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng prediktibong disenyo. Ito ay isang uri ng disenyong kwantitatibo na naglalayong tukuyin kung gaano kahusay na mahuhulaan ng isa o higit pang baryabol ang magiging resulta ng isang *criterion variable* (Schmider et al., 2024). Sa pag-aaral na ito, ginamit ang prediktibong disenyo upang matukoy kung ang estratehiya sa pagkatuto ng wika ay prediktor ng komunikatibong kasanayan, at kung ang suporta ng guro ay nagsisilbing tagapamagitan sa nasabing ugnayan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Locale of the Study**

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa isang pribadong *senior high school* sa Lungsod ng Davao. Matatagpuan ang paaralan sa isang urban na lugar na sentro ng edukasyon sa rehiyon. Pinili ang lokasyong ito dahil sa mataas na pamantayan ng paaralan sa pagtuturo ng wika na nagbigay-daan sa masusing ang ugnayan ng mga baryabol.

**Sample at Sampling Technique**

Kabuuang 309 na mag-aaral mula sa Baitang 11 at 12 ng isang pribadong *senior high school* sa Lungsod ng Davao ang nakilahok sa pag-aaral na ito. Ang mga kalahok ay kumukuha ng apat na *academic strands*: STEM, HUMSS, ABM, at GAS para sa akademikong taon 2025-2026. Ginamit ang *stratified random sampling* upang matiyak ang representasyon ng lahat ng *subgroup* (Makwana et al., 2023).

**Research Instruments**

Tatlong inangkop at binagong talatanungan ang ginamit sa pag-aaral na ito: (1) *Estratehiya sa Pagkatuto ng Wika Questionnaire.* Inangkop mula sa *Strategy Inventory for Language Learning (SILL)* ni Oxford (1990) at hinalaw sa pag-aaral ni Aoudjit Bessai (2018). Binubuo ito ng 50 aytem na sumusukat sa anim na kategorya. Sa *pilot testing*, nakamit ng instrumento ang *Cronbach's alpha* na 0.94; (2) *Suporta ng Guro Questionnaire.* Inangkop mula sa *Teacher Support Scale for Secondary School Students* nina Kalkan at Cemaloğlu (2023). Binubuo ito ng 36 na aytem na kumakatawan sa apat na dimensyon. Sa *pilot testing*, nakamit ng instrumento ang *Cronbach's alpha* na 0.93; at (3) *Komunikatibong Kasanayan Questionnaire.* Inangkop mula sa *Scale for Assessing Communicative Competence* nina Nešić at Hamidović (2022). Binubuo ito ng 30 aytem na sumusukat sa limang dimensyon. Sa *pilot testing*, nakamit ng instrumento ang *Cronbach's alpha* na 0.92.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 6 June 2026, eISSN: 2799-0664

**Data Analysis**

Ginamit ang deskriptibong estadistika (mean at standard deviation) upang tukuyin ang antas ng mga baryabol. Ginamit ang Pearson Product-Moment Correlation upang subukan ang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Ginamit ang mediation analysis sa pamamagitan ng path analysis upang subukan ang direktang, di-tuwiran, at kabuuang epekto ng mga baryabol.

**Ethical Considerations**

Ang mga respondente ay lubusang ipinaalam tungkol sa layunin ng pag-aaral, mga pamamaraan, at kanilang karapatang umatras anumang oras. Ang mga pagkakakilanlan ng mga kalahok ay nanatiling kumpidensyal gamit ang anonymized na datos. Ang etikal na pag-apruba ay nakuha mula sa *Society for Moral Integrity and Legal Ethics* (HCDC-SMILE) Board.

## III. RESULTS AND DISCUSSION

**Descriptive Results**

Ang Talahanayan 1 ay isang deskriptibong talahanayan. Naglalaman ito ng mga baryabol na kasama sa pag-aaral, partikular ang Estratehiya sa Pagkatuto ng Wika kasama ang mga indikator nito, Suporta ng Guro, at Komunikatibong Kasanayan, at ang bilang ng mga sampol, *standard deviation*, *mean*, at antas ng deskripsyon na partikular na tumutugon sa bawat isa sa mga baryabol.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**TABLE 1**
**DESCRIPTIVE STATISTICS (N = 309)**

| Variable | Mean | SD | Description |
|---|---|---|---|
| Language Learning Strategies | **3.98** | **0.63** | **High** |
| *Memory* | 3.88 | 0.80 | High |
| *Cognitive* | 4.00 | 0.72 | High |
| *Metacognitive* | 3.98 | 0.72 | High |
| *Affective* | 4.01 | 0.74 | High |
| *Social* | 4.03 | 0.73 | High |
| Teacher Support | **4.46** | **0.65** | **Very High** |
| *Emotional Support* | 4.39 | 0.76 | Very High |
| *Instrumental Support* | 4.44 | 0.68 | Very High |
| *Academic Guidance* | 4.45 | 0.66 | Very High |
| *Personal Respect & Relationship* | 4.55 | 0.62 | Very High |
| Communicative Competence | **4.00** | **0.61** | **High** |
| *Linguistic Ability* | 4.00 | 0.67 | High |
| *Sociolinguistic Ability* | 4.17 | 0.73 | High |
| *Discourse Ability* | 4.01 | 0.69 | High |
| *Functional Ability* | 3.97 | 0.67 | High |
| *Strategic Ability* | 3.87 | 0.80 | High |

Ang estratehiya sa pagkatuto ng wika ay nakakuha ng *mean* na 3.98 (mataas), ang suporta ng guro ay nakakuha ng *mean* na 4.46 (napakataas), at ang komunikatibong kasanayan ay nakakuha ng *mean* na 4.00 (mataas). Ang napakataas na antas ng suporta ng guro ay nagpapahiwatig na lubos na nadarama ng mga mag-aaral ang pagpapahalaga, patas na pagtrato, at emosyonal na gabay mula sa kanilang mga guro, na sumusuporta sa mga natuklasan nina Liquit at Suan (2025) at Bantasan at Ligtinen (2026).

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Correlation Results**

Ang Talahanayan 2 ay isang korelasyonal na talahanayan. Ipinapakita nito ang *determinant* (*independent*) at *criterion* (*dependent*) na mga baryabol. Nakasaad dito ang *r-value, p-value*, desisyon sa *null hypothesis*, at ang katumbas na interpretasyon.

**TABLE 2**
**CORRELATION MATRIX (N = 309)**

| Variable | Communicative Competence | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **r-value** | **p-value** | **Decision** | **Interpretation** |
| Language Learning Strategies | 0.722 | <.001 | Reject $H_0$ | Moderately High Positive, Significant |
| Teacher Support | 0.528 | <.001 | Reject $H_0$ | Moderately High Positive, Significant |

*Level of Significance: 0.05*

Ang ugnayan sa pagitan ng Estratehiya sa Pagkatuto ng Wika at Komunikatibong Kasanayan (r=0.722, p<.001) ay nagpapakita ng katamtamang mataas na positibong ugnayan. Ang resultang ito ay sumusuporta sa mga pag-aaral nina Marenco Dominguez et al. (2024) at Jihad at Dollah (2025) na nagsasaad na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagkatuto ng wika ay kaugnay ng mas mataas na antas ng komunikatibong kasanayan.

Ang ugnayan sa pagitan ng Suporta ng Guro at Komunikatibong Kasanayan (r=0.528, p<.001) ay nagpapakita rin ng katamtamang mataas na positibong ugnayan. Ito ay sumusuporta sa pag-aaral nina Zhou at Li (2025) na nagsasaad na ang mga ugnayang pangkaunlaran sa pagitan ng guro at mag-aaral ay may malakas na positibong asosasyon sa komunikatibong kasanayan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## Mediation Results

Ang Talahanayan 3 ay isang medyasyunal na talahanayan. Naglalaman ito ng *path/effect*, *estimate (B), standard error (SE), Z-value, p-value*, desisyon sa null hypothesis, at katumbas na interpretasyon.

**TABLE 3**
**MEDIATION ANALYSIS RESULTS (N = 309)**

| Label | Path / Effect | Estimate (B) | SE | Z-value | p-value | Decision on $H_0$ | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | LLS → TS | 0.58 | 0.05 | 11.09 | <.001 | Reject $H_0$ | Makabuluhan |
| B | TS → CC | 0.16 | 0.04 | 3.86 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |
| c' | LLS → CC (Direct Effect) | 0.60 | 0.04 | 12.62 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |
| a × b | Indirect Effect (Mediation) | 0.09 | 0.02 | 3.54 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |
| c | LLS → CC (Total Effect) | 0.70 | 0.03 | 18.11 | <.001 | Reject $H_0$ | Significant |

*% Mediation: Direct – 86.2%; Indirect – 13.8%*

Ang direktang epekto ng Estratehiya sa Pagkatuto ng Wika sa Komunikatibong Kasanayan (c' = 0.60, p < .001) ay nagpapakita na kahit isinama ang Suporta ng Guro bilang tagapamagitan, nananatiling may direktang impluwensya ang estratehiya sa komunikatibong kasanayan. Ito ay kaayon ng natuklasan nina Shahrokhi at Jahangiri Dehaghani (2025) na ang mga sikolohikal na salik at estratehiya ay may tuwirang impluwensya sa komunikatibong kakayahan.

Ang di-tuwirang epekto sa pamamagitan ng Suporta ng Guro (a×b = 0.09, p < .001) ay makabuluhan ngunit mahina (13.8%). Ito ay sumusuporta sa mga pag-aaral nina Yang, Cui, at Yao

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

(2024) at Wei at Wang (2026) na ang suporta ng guro ay nagpapataas ng pakikilahok at nagpapababa ng pangamba, ngunit hindi ito ang pangunahing mekanismo.

Ang proporsyon ng medyasyon ay 13.8%, na nangangahulugang bahagyang namamagitan ang Suporta ng Guro sa ugnayan ng Estratehiya sa Pagkatuto ng Wika at Komunikatibong Kasanayan. Ito ay mas mababa sa 20%, kaya't itinuturing na mahinang medyasyon.

## IV. CONCLUSION

Batay sa mga natuklasan, hindi ganap na namamagitan ang Suporta ng Guro sa ugnayan ng Estratehiya sa Pagkatuto ng Wika at Komunikatibong Kasanayan dahil ang direktang epekto (86.2%) ay mas malaki kumpara sa di-tuwirang epekto (13.8%). Kaya naman, ang Teoryang Sosyokultural ni Vygotsky ay bahagyang sinuportahan dahil makabuluhan pa rin ang medyasyon ng guro, ngunit bahagyang nilimitahan dahil nangingibabaw ang direktang epekto ng mga estratehiya sa pagkatuto. Ito ay nagpapahiwatig na mas malaki ang papel ng panloob na estratehikong yaman ng mag-aaral kaysa sa panlabas na suporta ng guro sa pagpapaunlad ng komunikatibong kasanayan.

Ang pag-aaral na ito ay may makabuluhang implikasyon sa *Sustainable Development Goal 4* (SDG 4) na nakatuon sa de-kalidad na edukasyon. Sa konteksto ng Pilipinas, ang mga natuklasan ay sumusuporta sa mga layunin ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) na makabuo ng mga mag-aaral na may holistikong pag-unlad at pandaigdigang kakayahan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## REFERENCES

[1.] Andres-Kimkiman, J. R. (2025). Development of communicative competence in the English language curriculum of ESL secondary schools. *Journal of Interdisciplinary Perspectives, 3*(3), 95-103.

[2.] Aoudjit Bessai, N. (2018). Using Oxford's Strategy Inventory of Language Learning (SILL) to assess the strategy use of a group of first and third-year EFL Algerian university students. *American Scientific Research Journal for Engineering, Technology, and Sciences, 42*(1), 166-187.

[3.] Bantasan, M. A., & Ligtinen, M. F. B. (2026). Examining the predictive role of teacher support typologies on students' research self-efficacy. *Journal of Interdisciplinary Perspectives, 4*(4), 169-177.

[4.] Bekmurodova, S., & Samadova, V. (2025). Linguistic, strategic, and sociolinguistic competences in language learning. *Termiz State Pedagogical Institute.*

[5.] Boyles, D. K. G., & Espinosa, D. L. (2026). Language learning strategies and language awareness of students. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 4*(3), 23-48.

[6.] Choeda, C., Gyeltshen, T., Daker, S., Gyeltshen, S., Wangmo, W., & Letho, D. (2020). Communicative competence of secondary school students of Bhutan. *Journal of Humanities and Education Development, 2*(1), 12-25.

[7.] Domingo, P. (2020). Triumphs and struggles in teaching the English language. *International Journal of Studies in Education and Science, 1*(1), 59-79.

[8.] Fernández-Sogorb, A., Delgado, B., Vicent, M., & Gonzálvez, C. (2023). Communicative competence and school refusal behavior: A cross-cultural analysis. *Frontiers in Psychology, 14*, 1123456.

[9.] Hardiyanto, A., MN Nastika, O., Eslabon, M. N. A., & Suprapto, I. (2024). Learning strategies used by ESL students in learning English at Capiz National High School, Philippines. *JEELS, 11*(1), 453-474.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[10.] Huang, W., Yang, P., Shen, H., & Yang, H. (2020). How do they stack up? Perceived communicative competence, foreign language anxiety, teacher support, and classroom environment in EFL learners' willingness to communicate in MOOCs. *ReCALL.*

[11.] Jaiyari, N. S. (2025). Language learning strategies and academic performance among senior high school students. *Journal of Education and Academic Settings, 2*(1).

*[12.]* Jihad, A., & Dollah, S. (2025). The role of language learning strategies in developing intercultural communication skills. *International Journal on Advanced Science, Education, and Religion (IJoASER).*

[13.] Kalkan, F., & Cemaloğlu, N. (2023). Development of teacher support scale for secondary school students (TSSSSS). *International Journal of Contemporary Educational Research, 10*(2), 293-311.

[14.] Li, L., & Kim, S. (2020). To enhance non-English major students' English communicative competence. *ABAC ODI Journal, 7*(1), 22-47.

[15.] Liquit, D. M. B., & Suan, A. F. (2025). Learning space, teachers' support, and well-being: Implications on pupils' academic performance in hinterland. *Lourdes College Research Journal.*

[16.] Makwana, D., Parmar, K., & Patel, R. (2023). Stratified random sampling: Methodology and applications in educational research. *Journal of Research Methodology, 15*(2), 45-58.

[17.] Marenco Dominguez, J. M., Angel-Cuervo, Z. M., Davila Rubio, C. A., Latorre Mendez, D. A., & Quevedo-Padilla, L. B. (2024). Language learning strategies and communicative competence of Colombian learners of English as a foreign language. *Journal of Education and Learning (EduLearn).*

[18.] Maulana, S., & Kaniadewi, N. (2025). Exploring the supportive classroom environment in relation with students' willingness to communicate in English. *Jurnal Studi Guru dan Pembelajaran, 8*(2).

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[19.] Melaku, B. K., Negasi, R. D., & Tolla, T. T. (2025). Academic resilience mediating perceived academic support and achievement in first-year university students. *Cogent Education, 12*(1), 2581417.

[20.] Nabi, F., Khodadust, M. R., & Asadi Aidinlou, N. (2024). Iranian ESP teachers and students' use of communicative strategies: A comparative study. *Iranian Language Teaching Research, 14*(2), 303-330.

[21.] Nešić, I., & Hamidović, K. (2022). Developing a scale for assessing communicative competence of students learning English for specific purposes. *Journal of Teaching English for Specific and Academic Purposes, 10*(3), 481-492.

[22.] Oxford, R. L. (1990). *Language learning strategies: What every teacher should know.* Newbury House.

[23.] Platash, L. (2022). Communicative competence as a means of increasing stress resistance of Ukrainian refugees. *International Guest's Working Paper Series, 3/2022.*

[24.] Pregoner, J. D. (2025). Macro skills and communicative competence of senior high school students. *IMCC Journal of Science, 5*(1), 25-32.

[25.] Puente, B. (2022). Holistic study 'honest-to-goodness' review of K-12 program needed, says Gatchalian. *News 5.*

[26.] Schmider, J., Ziegler, M., & Danay, E. (2024). Predictive research designs in educational psychology. *Educational Psychology Review, 36*(1), 45-62.

[27.] Shahrokhi, M., & Jahangiri Dehaghani, F. (2025). Mediating role of students' self-assessment in the relationships among EFL students' L2 grit, motivation, and willingness to communicate. *BMC Psychology, 13*, 1052.

[28.] Sinaga, J. B., Eryianti, R. W., Asih, R. A., In'am, A., Masduki, Hartanto, S., & Tuumader, J. R. O. (2025). The role of metacognitive and socio-affective strategies in shaping communicative competence. *Jurnal Pemberdayaan Masyarakat, 4*(1), 258-268.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[29.] Soliman, C. Q. (2024). Learner autonomy in English language learning, language learning strategies, and English language proficiency of senior high school students. *International Journal of Language and Literary Studies, 6*(2), 332-357.

[30.] Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes.* Harvard University Press.

[31.] Wei, Y., & Wang, X. (2026). Perceived teacher support on junior high school students' emotional engagement in English class. *Research Square.*

[32.] Yang, Y., Cui, Y., & Yao, S. (2024). Teacher support, grit and L2 willingness to communicate: The mediating effect of foreign language enjoyment. *BMC Psychology, 12*, 383.

[33.] Yang, Z. (2025). *Cultivating intercultural communicative competence among higher education students in China* [Doctoral dissertation, Mae Fah Luang University].

[34.] Yunus, F. W., Musa, K. I., & Rahman, S. A. (2024). Global trends in communicative competence: Challenges and implications for education. *Asian Journal of University Education, 20*(2), 312-325.

[35.] Zhou, D., & Li, Q. (2025). The role of teacher-student developmental relationships in linking communicative language teaching and communicative competence. *Frontiers in Psychology, 16*, 1635428.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved